



Buong Teksto

ANG MGA NAKAKITA SA PUNONG HUDAS

Anong uri ng puno ang puno ng Judas? Samahan ang apat na anak ng Hari ng Benaras, Brahmadata, at ang kanilang ayudante sa paglalakbay tungo sa Punong Judas upang sagutin ang tanong na ito.

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang mga Nakakita sa Punong Judas” isinalin sa Filipino ni Mark Benedict F. Lim at babasahin satin ni John Carlo S. Gloria.

Noong unang panahon, may apat na anak na lalaki si Bramadata, ang Hari ng Benares.

Isang araw, ipinatawag nila ang kutsero at winika rito, “Ibig naming makakita ng isang Punong Hudus. Magpakita ka ng isa sa amin!”

"Buweno, masusunod po," tugon ng kutsero.

Subalit hindi niya ipinakita ang puno sa mga ito nang sabay-sabay. Lulan ng karwahe, agad na dinala niya sa gubat ang panganay at ipinakita niya rito ang punò sa panahong umuusbong pa lámang ang mga búko sa tangkay. Sa ikalawang anak, ipinakita niya ang punò noong berde na ang mga dahon. Sa ikatlo, noong panahon na ng pamumukadkad. At sa bunso, noong panahong namumunga na ang punò.

Pagkaraan, nagkaumpukan ang magkakapatid, at may isang nagtanong, “Anong klaseng punò ang Punò ng Hudus?”

Sumagot ang panganay, “Parang sunóg na tuod!”

At humiyaw ang ikalawa, “Parang punò ng balete!”

At sumunod ang ikatlo, "Parang piraso ng karne!"

At ang sabi ng bunso, “Parang akasya!”

Nayamot sila sa sagot ng isa't isa kayâ dumulog sila sa kanilang ama. “Aming Panginoon,” wika nila, “anong klaseng punò ang Punong Hudat?”

“Ano ang sagot ninyo?” tanong ng ama.

Ibinigay ng bawat isa ang kani-kanilang sagot.

Winika ng Hari, “Nakita ninyong apat ang punò. Ngunit, nang ipakita ito sa inyo ng kutsero, hindi ninyo siya tinanong, ‘Ano ang itsura ng punò sa ganitong panahon, o sa gayong panahon?’ Hindi ninyo nakita ang mga pagkakaiba, at ito ang sanhi ng inyong pagkakamali. Laging nagbabago ang daigdig. Isang pagkakamali natin ang ipagpalagay na palagian ang mga bagay-bagay. Ngunit, hindi gayon. Upang maintindihan ang isang bagay, kailangang maunawaan natin ang walang maliw na pagbabago.”

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

| | |
|--|---|
| Ang Haring Matsing | Ang Nagbabanal-banalan |
| Ang Nagsasayaw na Paboreal | Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig |
| Ang Madaldal na Pagong | Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas |
| Ang mga Nakakita sa Punong Judas | Ang Puso ng Matsing |
| Ang Jackal na Nagligtas sa Leon | Ang Ginintuang Gansa |
| Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan | ‘Uling’ ni Impo |

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

| | |
|--|-------------------------------|
| Estelle Marie M. Ladrado, PhD Ricardo G Abad, PhD | <i>Executive Producers</i> |
| D Cortezano | <i>Producer</i> |
| John Robert Yam | <i>Overall Sound Designer</i> |
| Harold André Santos | <i>Theme Music Composer</i> |
| John Robert Yam Nilo Beriarmente | <i>Sound Engineers</i> |

Senanda Gomez *Talent Coordinator and Production Associate*

Jethro Nibaten *Sound Design and Technical Team*

Adriane Ungriano

Duane Ligot

Rey Sotto

Justine Ray Santos

Noriel Mendoza *Logistical Support*

Vanessa Reventar

Fran Alvarez *Illustrator*

Lazir Caluya *Brand Developers*

Vanessa Reventar

Dreamlist Digital *Web developers*

Embassy of India in Manila, Philippines

Shambhu S. Kumaran *Ambassador of India to the Philippines*

Vishwanjali M Gaikwad *Second Secretary (Press, Information, and Culture)*

Michael James Mangaring *Assistant*

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD *Translators*

Mark Benedict F Lim

Claudette M Ulit, PhD

Michael M Coroza, PhD *Translation Editor*

Anna Trisha Monica O Abeleda *Readers*

Ariel A Diccion

Jomar I Empaynado

Carlota B Francisco

John Carlo S Gloria

Sharmaine V Hernandez

Yolando B Jamendang, Jr

Glenda C Oris
Jerry C Respeto, PhD
Corazon L Santos, PhD
Jethro Niño P Tenorio
Andrea Anne I Trinidad